*PK Blg. 2509 - 040*

**KAPASYAHAN BLG. 38 serye ng 2025**

**NAGPAPAABOT NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY SA PAMILYA, KAMAG-ANAK, AT MGA MAHAL SA BUHAY NA NAULILA SA PAGPANAW NI PLT. ARNULFO MENDOZA III, AT PAGKILALA SA KANYANG KABAYANIHAN SA TUNAY NA PAGLILINGKOD SA KANYANG SINUMPAANG TUNGKULIN**

| | |
|---|---|
| May Akda at Nagpanukala: | Kon. Patrick John P. Alcantara |
| Kapwa Nagpanukala: | Pang. Punong Bayan Jan Victor B. Cabitac |
| | Kon. Joanne Marie P. Calderon |
| | Kon. Rulf Marius G. Valera |
| | Kon. Ma. Elaine T. Leonardo |
| | Kon. Carizza A. Cortez |
| | Kon. John Tobit E. Cruz |
| | Kon. Michell B. Bermundo |
| | Kon. Kristofer Charls S. Esguerra |
| | Pangulo LnB Roseller Z. Valera |
| | Pangulo Ped. SK Lucia Marie D. Alcantara |

SAPAGKAT, siya ay naglingkod bilang isang alagad ng batas sa Bayan ng Taytay nang may buong sigasig at katapatan;

SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkod, siya ay nagpakita ng ibayong sipag at katalinuhan na naging malaking ambag sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa lipunan at pamayanan;

SAPAGKAT, sa maraming pagkakataon, siya ay nagpamalas ng magandang halimbawa sa kanyang mga kasama bilang matulungin sa kapwa, tapat na alagad ng batas, at tagapagtaguyod ng mabuting paglilingkod para sa kapakanan ng nakararami;

SAPAGKAT, sa kanyang maaga at di-inaasahang pagpanaw sa daigdig na ito, iniwan niya hindi lamang ang kanyang mga mahal sa buhay kundi maging ang kanyang mga kasamahan, kaibigan, kababayan, at mga kadaupang-palad na nagmamahal sa kanya;

PINAGPASYAHAN, na gaya ng lubusang napagkaisahan, ang pagpapahayag ng taos-pusong pakikiramay at pagbibigay-pugay sa kabayanihang ipinamalas ni PLT. Arnulfo Mendoza III sa kanyang matapat at matapang na pagtupad sa tungkulin bilang alagad ng batas sa Bayan ng Taytay, gayundin ang pakikiramay sa kanyang pamilyang naulila at mga kaanak.

LUBOS NA PINAGPASIYAHAN, na ang buong 13th Sangguniang Bayan at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Taytay, sa pangunguna ng Punong Bayan, Kgg. Allan Martine S. De Leon, MPA, ay NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA, MGA KAANAK, AT MGA MAHAL SA BUHAY NA NAIWAN NI PLT. ARNULFO MENDOZA III.

PINAGPASYAHAN PANG MULI, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayong ika-02 ng Setyembre, taong 2025, 2:44 ng hapon sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Lalawigan ng Rizal.

---

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan na nilalaman ng kapasyahan ito, na pinagtibay pa rin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na ika-9 Pangkaraniwang Pulong ng ika-02 ng Setyembre, taong 2025 sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

**JULIETA M. JUANILLO**
Board Sec. III – OIC
SB Secretariat Office

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

**KGG. JAN VICTOR B. CABITAC**
Pangalawang Punong Bayan / Tagapamatnugot